# Hiroshima, sa kauna-unahang pagkakataon



## Maligayang pagdating sa siyudad ng Hiroshima

Itinataguyod ng siyudad ng Hiroshima ang pagpapaunlad sa komunidad upang bigyang-daan ang isang ligtas at matiwasay na pamumuhay sa pagitan ng mga Hapon at dayuhang residente ng siyudad.

Ang siyudad ay tinaguriang “siyudad ng tubig” dahil sa taglay nitong ganda, pati ang pagkakaroon ng masasarap na pagkain, na dagdag sa mga kaakit-akit na katangian ng siyudad.

Nais naming ipakilala kung anong uri ng siyudad ang Hiroshima para sa lahat ng mga residenteng mag-uumpisang mamuhay sa siyudad.

広島市
The City of Hiroshima

# Lokasyon ng siyudad ng Hiroshima

Ang prepektura ng Hiroshima ay nasa kanlurang bahagi ng Japan.



Ang siyudad ng Hiroshima ay nasa kanlurang bahagi ng prepektura ng Hiroshima.




Ang siyudad ng Hiroshima ay hinahati sa walong distrito (ward).

Ang sentro ng siyudad ay nasa Naka Ward

| Populasyon ng siyudad ng Hiroshima |
| --- |
| Mga 1.19 milyong katao |

| Lawak ng siyudad ng Hiroshima |
| --- |
| 906.68 ㎢ |

## Klima sa siyudad ng Hiroshima



Hiroshima Castle at sakura tuwing springtime

Ang buwan ng Pebrero ang pinakamaginaw na buwan sa siyudad ng Hiroshima, at may panahon na kung saan ang temperatura ay mas mababa sa 0°C. Minsan ay umuulan din ng niyebe.

Ang buwan ng Agosto naman ang pinakamainit na buwan, at may mga araw na kung saan umaabot sa higit pa sa 35°C ang temperatura. Masyadong mainit at mahalumigmig sa panahong ito.

Tuwing spring at autumn ay maraming mga araw na maginhawa at katamtaman ang lagay ng panahon.

## Isang siyudad na naghahangad ng kapayapaan

Noong Agosto 6, 1945, ang Hiroshima ang kauna-unahang lugar sa buong mundo na nakatamo ng pinsala mula sa pagbagsak ng atomic bomb. Halos nasira ang buong siyudad at napakarami ang namatay. Ang mga taong nagawang makaligtas ay nagsumikap nang husto, nilampasan ang kanilang paghihirap at kalungkutan, upang muling maitayo at maiahon ang siyudad. Sa tulong at suporta hindi lamang mula sa loob ng Japan kundi pati mula sa ibang bansa, nakamit ng siyudad ang pambihirang pag-ahon at panunumbalik nito.

Isinasagawa sa Hiroshima ang Peace Memorial Ceremony sa Agosto 6 bawat taon.

Ipinamamahagi ng siyudad ang “deklarasyon ng kapayapaan” sa buong mundo, at umaasa itong makamit ang pagtanggal ng mga sandatang nukleyar, at magkaroon ng pangmatagalang kapayapaan sa mundo.



Mga mamamayang nag-alay ng tubig bilang pag-alaala sa peace memorial monument

# Mga kilalang lugar sa siyudad ng Hiroshima



**Peace Memorial Park**

- Parke na itinayo malapit sa hypocenter o gitna ng pagbomba
- Isang scenic spot ng bansa (magandang lugar)
- Ang Atomic Bomb Dome ay itinakdang World Cultural Heritage
- Malalaman ang pinsalang dulot ng atomic bomb sa Peace Memorial Museum
- Sumakay sa tram, at bumaba sa tram stop ng “袋町(Fukuro-machi)”, “本通(Hondori)”.

**Hiroshima Castle**

- Kastilyong mula sa nakaraang 400 taon na ibinalik sa dating anyo pagkatapos ng pagbomba ng atomic bomb
- May mga lumang baluti (armor) at mga larawan
- Malalaman ang kasaysayan ng Hiroshima
- Sumakay sa tram, at bumaba sa tram stop ng “紙屋町西(Kamiya-cho-nishi)”, “紙屋町東(Kamiya-cho-higashi)”
- 5 minuto mula sa Shukkeien Garden





**Shukkeien Garden**

- Tradisyonal na Japanese garden
- Isang scenic spot ng bansa
- Iba’t-ibang uri ng bulaklak ang namumulaklak sa bawat panahon
- 10 minutong lakad mula sa Hiroshima Station

Pakitingnan ang “Hirotabi” para sa impormasyon ukol sa pamamasyal sa Hiroshima.

https://www.hiroshima-navi.or.jp/

# Sumakay tayo sa tren o bus at mamasyal

Maginhawang gamitin ang pampublikong transportasyon tulad ng tram, bus at iba pa sa siyudad ng Hiroshima.


## Paraan ng pagsakay sa tram at bus

(1) Bago sumakay sa tram o bus, kumpirmahin muna ang **numero ng ruta at destinasyon**.

**Ang numero at destinasyon ay makikita sa harapan ng tram at bus**



(2) Sumakay sa "**iriguchi tobira**" (pasukang pinto) sa likod.




(3) Pindutin ang **kalapit na push button sa pagbaba** sa tram o bus.
May kaso na kung saan walang push button sa loob ng tram. Sa kasong ito, maghintay sa isang lugar na malapit sa **exit** door.




(4) Magbayad sa oras ng pagbaba.
Maginhawang gamitin ang "PASPY Transport IC Card.
Maaaring alamin ang paraan ng paggamit dito
http://www.paspy.jp/en/(website sa wikang Ingles)
Maaari din na gamitin ang "PASPY" sa pagsakay sa Astramline.

## Impormasyon ukol sa pamumuhay

- Pakitingnan ang website ng siyudad ng Hiroshima o ang Gabay sa Pamumuhay

  Makikita sa website ng siyudad ng Hiroshima ang kapaki-pakinabang na mga impormasyon ukol sa pamumuhay.
  Halimbawa: ang paraan ng pagtapon sa mga basura aymaaaring tingnan dito.



  Maaaring tingnan ang Gabay sa Pamumuhay sa website ng siyudad ng Hiroshima.
  https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/tagalog/190967.html
  Ipinamamahagi din ito sa tanggapan ng Citizens' Division ng Ward Office.

- Kung nais mag-aral ng wikang Hapon

  Bukod sa Japanese language schools, may mga klase sa pag-aaral ng wikang Hapon na isinasagawa ng mga lokal na boluntaryo. Para sa mga detalye, pakitingnan ang website ng Hiroshima Peace Culture Foundation. (https://h-ircd.jp/guide/nihongo-phi.html)
  Maaari din na kumunsulta sa Hiroshima City Japanese Language Information.

  Tel 082-242-8879
  Email jsldesk@pcf.city.hiroshima.jp
  Facebook https://m.facebook.com/hiroshima.nihongo/





Nakalarawan ang isang klase sa wikang Hapon sa Hiroshima Peace Culture Foundation

## Kapag nagkasakit o nasugatan

Kapag nagkasakit o nasugatan, pakidala ang sariling insurance card at pera sa ospital o klinika.
Maaaring hanapin sa Net Hiroshima, website ng emergency na paggamot, ang listahan ng mga ospital at klinika na may suporta sa wikang banyaga. (http://www.qq.pref.hiroshima.jp)

Sa kaso ng sunog, biglaang pagkakasakit o pagkasugat, tumawag sa "119". May darating na ambulansiya at truck ng bombero.
Kapag nagkaroon ng aksidente sa sasakyan o di kaya'y isang krimen, tumawag sa "110". Makokonekta sa himpilan ng pulisya.



## Paghahanda para sa kalamidad

Ipinagkakaloob sa Portal Site of Hiroshima City for Disaster Prevention (http://www.bousai.city.hiroshima.lg.jp/) ang impormasyong nauugnay sa sakuna sa iba't-ibang wika.
(Ingles, Intsik (simplified), Hangul, Portuguese, Espanyol, Pilipino, Hapon)
Pakikumpirma ang lokasyon ng evacuation site na malapit sa sariling tirahan bago pa magkaroon ng kalamidad.



Kapag nagkaroon ng sakuna, pakikumpirma ang impormasyon ukol sa paglikas (posibilidad ng pagkakaroon ng kalamidad, at tamang panahon sa paglisan). Gamitin ang radyo, TV, at Internet sa pagkuha ng impormasyon.

## Kumunsulta agad kapag may problema

Maaaring kumunsulta sa wikang banyaga sa Hiroshima City / Aki-gun Foreign Residents Consultation Counter.

| | | |
|---|---|---|
| Saan | : | Sa Hiroshima International Conference Center (sa loob ng Peace Memorial Park) |
| Kailan | : | Mula Lunes hanggang Biyernes, 9:00 – 16:00<br>Sa araw ng Biyernes lamang para sa wikang Pilipino<br>Sa ikalawang Biyernes ng bawat buwan, maaaring kumunsulta sa isang kawani ng Immigration Services Agency of Japan. 13:30 – 16:00 (kailangan ng reserbasyon) |
| Wika | : | Intsik, Espanyol, Portuguese, Vietnamese, Ingles, Pilipino |

- Pakikunsulta kung kinakailangan ng tulong sa iba pang wika maliban sa wikang Intsik, Espanyol, Portuguese, Vietnamese, Ingles, at Pilipino.
- Sarado tuwing piyesta opisyal, pati sa Agosto 6, Disyembre 29 hanggang Enero 3.

TEL : 082-241-5010 FAX : 082-242-7452

E-mail : soudan@pcf.city.hiroshima.jp

URL : https://h-ircd.jp/guide.html

Hiroshima, sa kauna-unahang pagkakataon

Paglimbag / Paglalathala: Internationalization Promotion Division, Hiroshima City Citizens’ Bureau

TEL: 082-247-0127

FAX: 082-249-6460

Email: kokusai@city.hiroshima.lg.jp

Petsa ng paglathala: Abril 2021

（広 D5-2021-63-5）